Ang Manna at Mga Pugo

(Exodus 15:27 – 16:35)

Ang mga Israelita na nakalaya mula sa Egypt at nakatawid sa dagat ay patuloy na naglakbay patungo sa lupang pangako ng Diyos sa kanilang mga ninuno. Sila'y humihinto at nagppapatuloy sa paglalakbay sa tuwing sasabihin ng Diyos.

Minsan, sila'y tumigil at nagkampo sa tabi ng mga balon. Lumapit sila kina Moses at Aaron upang magreklamo. "Mabuti pa sana'y pinatay na kami ng Diyos sa Egipto. Doon, nakakakain kami ng karne at tinapay hanggang gusto namin. Dito naman sa ilang na pinagdalhan ninyo sa amin, mamamatay kami sa gutom" ang wika nila.

Sinabi ng Diyos kay Moses na pauulanan Niya sila ng tinapay mula sa langit. Araw-araw ay lalabas sila ng bahay upang mamulot ng kakainin nila para sa maghapon. Sa pamamagitan nito ay susubukin Niya ang mga Israelita kung susunod sila sa Kanyang mga tagubilin.

Sa tuwing malapit na ang gabi dumadagsa ang napakaraming pugo. Kinaumagahan naman ay nakikita sa lupa ang maninipis na bagay na parang pinipig, manna ang tinawag nila dito. Binilin ng Diyos kay Moses na sabihin sa mga tao na kukuha lamang sila ng sapat, kalahating salop bawat isang tao at huwag magtitira para sa kinabukasan. Ngunit sa tuwing ika-anim na araw, doble ang kanilang pupulutin upang makapagtabi ng kakainin nila para sa ika-pitong araw. Ang ika-pitong araw ay araw ng pamamahinga, araw na nakatalaga para sa Diyos.

Hindi nakinig ang mga Israelita sa sinabi ni Moses. Kahit hindi pa ikaanim na araw, may ilan na namumulot ng sobra at nagtitira para sa susunod na araw, kaya naman kinabukasan inuod at bumaho ito. Habang ang ilan naman ay lumalabas pa rin ng ikapitong araw para mamulot ngunit wala na silang nakuha.

Nagalit sa kanila si Moses dahil hindi sila sumusunod sa kanyang binilin. Kaya mula noon tuwing umaga'y namumulot sila ng ayon lang sa kanilang kailangan at hindi na nagtatabi para sa kinabukasan. Wala na ring lumabas para mamulot tuwing ika-pitong araw, sa halip ay namahinga na lamang sila.

Ito ang kinain nila sa loob ng apatnapung taon, hanggang sa dumating sila sa Canaan.

BAT LEARNING CENTER

Ang Diyos ay tapat sa Kanyang salita. Sinabi Niya kay Moses na magpapadala Siya ng karne at tinapay sa mga Israelita, at ito ay nangyari. Sa buong panahon na nasa ilang sila hanggang makarating sa lupang pangako, ang Diyos ang nagkaloob sa kanila ng pagkain. Kailanman ay hindi Siya nagkulang sa kanila. Ang katapatan ng Diyos ay kailanman hindi nagbabago. Ikaw ba ay nagtitiwala na ang Diyos ay tapat sa Kanyang salita o pangako?